Mga tala sa paggamit

- Kung ikaw ay nagsusuot ng contact lens, alisin muna ito bago maglagay ng eye drops. Pagkatapos maglagay ng eye drops, maghintay ng hindi bababa sa 15 minuto bagot isuot ang mga contact lens.
- Huwag kusutin ang iyong mga mata gamit ang iyong kamay pagkatapos magpatak ng eye drops.
- Kung ikaw ay maglalagay ng magkaibang eye drops o eye ointment sa parehong mata, iagwat ang paglalagay ng mga produkto nang ilang minuto.
- Kung kinakailangan, humingi ng tulong sa iyong kapamilya o sa ibang tao na ilagay ang eye drops para sa iyo.
- Huwag gumamit ng eye drops na expired, sira, o iba ang kulay.

Mga posibleng side effect

Ang eye drops ay maaaring magpalabo ng iyong paningin nang pansamantala at maaaring magdulot ng kaunting sakit sa iyong mata. Huwag magmaneho o magpaandar ng mga makinarya hanggang ang iyong paningin ay maging malinaw ulit.

Magpakonsulta sa iyong doktor kung ang mga sintomas ay hindi nawawala, o nakaranas ka ng anumang allergic reaction tulad ng pamamantal ng balat, pamamaga ng mukha o kamay, at nahihirapang huminga.

Pag-iimbak

Itago ang mga gamot sa isang tuyo at malamig na lugar at malayo sa direktang init at liwanag.

Itago ang mga gamot malayo sa naaabot ng mga bata upang makaiwas sa aksidenteng pagkalunok nito.

Itapon ang anumang sobrang eye drops 4 linggo matapos buksan.

Ang polyeto ng impormasyon na ito ay bilang sanggunian lamang.

Ang mga gamot ay dapat na gamitin ayon sa utos ng doktor at pharmacist.

Para sa mga katanungan, magpakonsulta sa iyong doktor, kawani sa dispensaryo o iba pang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan.

Huwag ibahagi ang iyong mga gamot sa ibang tao.

PAANO gumamit ng EYE DROPS

EYE OINTMENT
EAR DROPS
EYE DROPS
LOSYON SA KUTO
GAMOT SA SCABIES

Drug Office
Department of Health

Paano gumamit Eye drops

1. Hugasang maigi ang iyong mga kamay gamit ang tubig at sabon.
2. Dahan-dahang alugin ang bote. Tanggalin ang takip nang hindi nadadampi sa dulo ng bote.
3. Tumingala at tumingin pataas. Dahan-dahan ibaba ang ibabang talukap ng mata upang magkaroon ng tila bulsa na paglalagyan ng gamot.
4. Ipatak ang eye drops sa bulsa. Iwasan na mahawakan ang dulo ng bote ng iyong mata, pilikmata, o talukap ng mata upang maiwasan ang pinsala sa mata at kontaminasyon sa dulo ng bote.



5. Ipikit ang iyong mata at dahan-dahan na pindut-pindutin ang loob na dulo ng iyong mga mata para mapigilan ang gamot na lumabas sa iyong ilong o lalamunan.
6. Punasan ang sobrang likido sa paligid ng iyong mata gamit ang isang malinis na tisyu.

7. Huwag punasan ang hugasan ang dulo. Takpan agad ang bote.